Pag-iimbak ng Tabletang Sublingual na Glyceryl Trinitrate

- Itago ang mga tableta sa orihinal na basong lalagyan nito upang maprotektahan na mabasa, sa ilaw, at sa init. Huwag maglagay ng bulak sa bote pagkatapos itong buksan.

- Iwasan na itabi ang mga tableta malapit sa iyong katawan dahil ang init ng iyong katawan at maaaring maging sanhi ng pagkasira nito.
- Itapon ang anumang hindi nagamit na tableta 8 linggo matapos itong buksan. Maaaring isulat mo ang petsa kung kailan mo binuksan ang bote bilang tanda. Siguraduhin na ikaw ay may sapat na dami ng tableta kung sakaling kailangan mo ito.
- Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata.

Payo sa Pamumuhay

- Itigil ang paninigarilyo
- Magkaroon ng malusog na timbang.
- Magkaroon ng balanseng diyeta.
- Regular na mag-ehersisyo
- Magkaroon ng sapat na pahinga at umiwas sa stress.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.

Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.

Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

Pangkalahatang Kaalaman sa

mga Gamot sa Angina

Drug Office
Department of Health

Angina

Ang angina ay pananakit sa dibdib na sanhi ng limitadong daloy ng dugo sa mga masel ng puso. Ang paninikip, pagbigat o sakit ay nararamdaman sa gitna ng dibdib at umaabot hanggang leeg, mga braso, o ibaba ng baba at may kasamang pagpapawis, pangangapos ng paghinga at naduduwal. Ang mga posibleng dahilan ng angina ay pisikal na aktibidad, emosyonal na stress, labis na lamig o init, at pagkain nang marami.

Mga Gamot sa Angina

Ang mga nitrate ay isang grupo ng mga gamut na kontra-angina na pinalalaki ang mga ugat na daluyan ng dugo. Dahil dito nagiging madali para sa puso na magbomba ng dugo papunta sa katawan at maging sa puso mismo.

Ang glyceryl trinitrate gamot na nitrate na saglit ang epekto na ginagamit para sa pag-atake ng angina. Ang pinaka-karaniwang porma nito ay sa isang tableta na sublingual.

Kung nakararanas na pananakit ng dibdib

1. Gumamit ng tabletang sublingual na glyceryl trinitrate sublingual kapag lumitaw agad ang sintomas.
2. Upang maiwasang mahilo o sumakit ang ulo, maupo muna bago gamitin ang gamot.
3. Maglagay ng isang tableta sa ilalim ng dila hanggang matunaw ito nang buo. Kung tuyo ang iyong bibig, makakatulong sa pagtunaw ng tableta ang paghigop ng kaunting tubig.



4. Huwag lunukin o nguyain ang tableta. Kung aksidente mo itong nainom, gumamit ng panibagong tableta at siguraduhin ito ay nakalagay sa ilalim ng dila hanggang ito ay matunaw nang buo.

5. Kung ang angina ay hindi nawala limang minuto pagkatapos gumamit ng tableta, ulitin ang dosis.
6. Kung may angina pa rin pagkatapos ng limang minuto, gumamit ng ikatlong tableta. Tumawag agad ng ambulansiya kung nananatili ang sakit.

Payo sa Paggamit ng Sublingual na Glyceryl Trinitrate

- Palaging magdala ng mga tableta kung sakaling maramdaman ang sintomas.
- Ang pananakit ng ulo, pagkahilo, at pamumula ng mukha ay maaaring mangyari pagkatapos gamitin ang gamot ngunit mawawala rin ito pagkatapos ng ilang minuto. Kaagad na humingi ng medical na tulong kung ang mga side effects ay nagpapatuloy o lumala.
- Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.
- Ang glyceryl trinitrate ay epektibo lamang sa pagginhawa sa angina. Upang maiwasan ang pag-atake ng angina, uminom ng mga regular na gamot ayon sa inutos. Magpakonsulta sa iyong doktor kung ang dumadalas ang pag-atake ng angina.
- Sabihin sa iyong doktor o pharmacist ang mga gamot na iyong iniinom, kasama na ang mga nireresetang gamot, over the counter na gamot at mga bitamina.